**Septiyembre 1**

Datapuwa't sinabi sa kaniya ng Panginoon, pumaroon ka: sapagkat siya'y hirang sa akin, upang dalhin ang aking pangalan sa harapan ng mga Gentil at ng mga hari, at ng mga anak ni Israel. Gawa 9:5.

KAYA tayo nagsama-sama at nagkakaisa sa kaniya dahil nakikita natin si Jesus bilang pinili ng Ama; dahil nakikita natin ang katangian ng ama na nahahayag sa kaniya kung kaya't iniwan natin ang lahat para sumunod sa kaniya. Sa parehong situwasyon, kung tayo ang tutulong at susuporta sa sinomang tao may kaugnayan sa banal na plano at paglilingkod, kailangang ito ay simpleng dahil lamang sa ganitong kadahilanan - hindi lamang ito personal na pagka-akit o dahil paborito mo, kundi dahil sa ang ating mga puso ay nahipo ng Panginoon at sa pagkaalam na ang pinuno ay itinalaga niya. Z. '03-206

**Septiyembre 2**

Yamang nilinis ninyo ang mga kaluluwa sa inyong pagtalima sa katotohanan, sa pag-ibig na hindi pakunwari sa mga kapatid, ay mangag-ibigan kayo ng buong ningas ng inyong puso sa isa't-isa. 1 Pedro 1:22.

DAPAT mataas ang pagpapahalaga ng Iglesia sa kaalaman, at dapat ituring ito bilang katibayan ng paglago, o pag-unlad; sapagkat walang lalagong matibay sa Panginoon at sa kapangyarihan ng kaniyang lakas- sa grasya - hangga't hindi rin siya lumalago sa kaalaman. Tama ang mataas na pagpapahalaga natin sa mga taong ang pag-ibig sa Panginoon at sa kaniyang katotohanan ay nakikita sa kanilang sipag na mag-aral sa kaniyang salita, at ang pabor ng Dios ay nakikita sa pagka-akay sa kanila tungo sa higit at higit pang malalalim na mga bagay ng Dios. Gayunpaman, gaya ng makalupang pamilya na ibiibig at kinakilinga ang mga sanggol pa at wala pa sa hustong gulang, ganito din sa sambahayan ng pananampalataya, ang mga maliliit at pandak pa (sa kaalaman) ay dapat nating alagaan at mahalin at tulungan upang sila ay lumaking matibay sa Panginoon at sa kapangyarihan ng kaniyang lakas. Z. '03-207

**Septiyembre 3**

Sapagka't ako'y nagnanasa ng kaawaan, at hindi hain; at ng pagkakilala sa Dios higit kay sa mga handog na susunugin. Oseas 6:16.

SIYA na nagbibigay ng kaniyang kalooban, kaniyang puso, sa Panginoon, ay nagbibigay ng lahat; at siya na hindi nagbibigay ng kaniyang kalooban, at hindi masunurin ang puso sa Panginoon, ay hindi maaaring makapag-alay ng pagsasakripisyo sa Panginoon na katanggap-tanggap. "Masdsan, ang pagsunod ay mas maigi pa kay sa pag-aalay." Ang pananalitang ito ay isang aral na dapat ikintal sa mga puso ng lahat na napabanal ni Cristo Jesus. Ang pagkakaroon ng espiritu ng pagka-masunurin ay hindi lamang pagsunod sa banal na kalooban, kundi ang pagsisikap na malaman ang banal na kalooban nang higit at higit pa upang ito ay kaniyang sundin. Para sa grupong ito na ang kasulatan ay nagpapahayag, "nasumpungan ko ang kaniyang salita at kinain ko ito", at mula sa mga salita ng ating Panignoon, "kinalulugdan ko ang pagtupad ng iyong kalooban, O aking Dios, ang iyong batas ay nakasulat sa aking puso.  Z. '03-220

**Septiyembre 4**

Walang takot sa pag-ibig kundi ang sakdal na pag-ibig ay nagppalayas ng takot, sapagkat ang takot ay may kaparusahan. 1 Juan 4:18.

MAKAPANGYARIHAN, maringal, at nakasisindak talaga ang kapangyarihan ng takot, maliban na lamang sa mga tao na may malakas na relasyon sa Panginoon na dumaan na ng maraming mga karanasan, at yaong nananalig pa rin sa kaniya kahit sa mga panahong wari'y hindi siya matatagpuan. Ang Heganteng takot at kalungkutan ay kailangang tapatan ng sobrang maliit na bato sa batis, "ito ay nasusulat". (Komento: Ibig sabihin dito, ang mga salitang "ankasulat" sa Biblia ang siya nating bala ng trador laban sa heganteng tako.) Ang tirador ng pananampalataya ay dapt may balang salita ng pangako na kayang puamatay sa kalaban at magpapalaya sa atain mula sa kaniyang kapangyarihan, Kaya, habang tayo ay nasasangkapan ng salita ng Dios, at nananalig sa kaniyang tungkid at pamalo, kailangan nating maging matapang at sagutin ang nakasisindak na pagiging sektaryanismo gaayu ng sagot ni David sa Pilistinong Goliath: "Lumapit ka sa akin na may tabak, may kasama pang maliit at malaking sibat, ngunnit ako'y lumalapit sa iyo

sa pangalang ng Panginoon ng mga hukbo, ang Dios ng mga hukbo ng Israel na iyong dinungisan." Z. 03-329.

**Septiyembre 5**

Ang paninibugho ay mabagsik na parang Sheol; ang mga liyab niyaon ay parang mga liyab ng apoy, na may isang pinaka maliyab na ningas. Awit ni Solomon 8:6.

ANG paninibugho (o pagseselos) ay isa sa mga dakilang kaaway na humaharap sa bawat Cristiano. Ito ay dapat patayin kaagad sa oras na makita dahil ito ay kaaway ng Dios at ng tao at sa bawat mabuting prinsipyo; at kapag umabot hanggang sa puntong ito ay nakarurumi sa puso kahit saglit lamang, ang paglilinis sa espiritu ng kabanalan at pag-ibig ay kailangang pukawin. Ang paninibugho ay hindi lamang malupit na halimaw sa kaniyang sarili, kundi ang makamandag na pangil nito ay siguradong magdudulot ng hapdi at kirot at kahuluhan sa iba, ganundin, ito ay magdadala ng kaabahan at, sa wakas, pagkapuksa sa mga taong nagkikimkim nito. Ang paninibugho ay kasalanan sa isip, kasamaan sa isip, at akmang-akmang aakay ito nang mabilis sa pagkakasala at masamang kilos. Ang isip kapag minsan nalason ng paninibugho, ay napakahirap linisin ang kabuoan nito, napakabilis itong magdadala ng bawat bagay sa kaniyang kapaligiran tungo sa sarili nitong kulay at katangian. Z. '03-330

**Septiyembre 6**

Walang kasamaang mangyayari sa iyo. Awit 91:10.

WALANG anomang bagay sa anomang paraan ang makapipinsla sa atin. Maaaring makaabala ang mga bagay-bagay sa ating mga interes sa laman o kaginhawahan o mga pinagkakaabalahan; subalit kung ating tatandaan na hindi tayo sa laman kundi sa espiritu, na ito ay sa bagong nilalang na ang Panginoon ay nangako sa atin ng kaharian sa kaniyang itinakdang panahon, mapagtanto natin na walang impluwensiya sa labas ang makahahadlang sa ating tunay na kapakanan, sa ating espirituwal na mga interes, ni makahahadlang ito sa pagkamit ng kaluwalhatian ng kaharian na ipinangako ng Panginoon sa kaniyang mga tapat. Ang tanging makakapagpahiwalay sa atin sa kaniyang pag-ibig at pangako ay ang pagkawala ng ating tiwala at katapatan sa Panginoon. Z. '03-331

**Septiyembre 7**

Kaya't kung sinoman ang na kay Cristo, siya'y bagong nilalang: ang mga dating mga bagay ay nagsilipas na; narito, sila'y pawang naging mga bago. 2 Corinto 5:17.

ITONG mga bagong nilalang kay Cristo Jesus ay nagkakakilanlan sa bawat isa hindi ayon sa laman kundi ayon sa espiritu. Sa mga espiritu o bagong kaisipan ng bawat isa ay may mga pinaka-marangal na damdamin, mga pinakamatayog na hangarin, na mabuti, totoo, dakila, wagas - anoman ang kanilang kahinaan sa laman. Mahal nila ang bawat isa mula sa bagong pananaw ng intensiyon ng kalooban, at pagkakasundo sa Dios, at ang kanilang pagkakaibigan para sa isa't-isa ay lumalago nang patindi habang nadadama nila ang lakas ng isa't-isa sa pakikipaglaban sa mabuting pakikipaglaban ng pananampalataya laban sa masamang mga impluwensiya ng sanglibutan, ng laman at ng kaaway. Hindi maipaliwanag ng dila, ni ng pluma ang pag-ibig, at ang pagkakaibigan, na mananatilii sa gitna nitongt bagong nilalang kay Cristo Jesus, na para sa kanila, ang mga dating bagay ay lumipas na, at ang lahat ng bagay ay naging bago. Z. '03-333

**Septiyembre 8**

Hindi baga ninyo nalalaman na ang pakikipagkaibigan sa sanglibutan ay pakikipag-away sa Dios? Sinoman ang magiging kaibigan ng sanglibutan ay nagiging kaaway ng Dios. Santiago 4:4

SINADYA ng Dios na ilagay ang bagay o situwasyong ito upang ang kaniyang mga alagad ay pipili, at mawala sa kanila ang alinman sa dalawa: ang banal na pagkakaibigan at samahan, o ang makamundong pagkakaibigan at samahan; sapagkat yaong mga bagay na mahal ng Panginoon ay hindi masarap para sa mga makasanglibutan, at yaon namang iniibig ng sanglibutan gaya ng masamang gawain at masasamang isip at pagsasalita ng masama, ay pawang mga kasuklam suklam sa paningin ng Panginoon, at yaong umiibig at gumagawa ng ganuong mga bagay ay mawawalan ng kaniyang pakikisama - hindi sila sa kaniyang Espiritu. "Kung ang sinoman ay walang Espiritu ni Cristo, siya ay hindi kaniya." Z. '99-70.

**Septiyembre 9**

Upang kayo'y maging walang sala at di-nakapipinsala, mga anak ng Dios na walang dungis sa gitna ng isang lahing liko at masama, na sa gitna nila'y lumiliwanag kayong tulad sa mga ilaw sa sanglibutan, na nagpapahayag ng salita ng buhay. Filipos 2:15, 16.

TUNGKULIN ng bawat anak ng Dios ang maging aktibong-aktibo sa pagpapalaganap ng katotohanan - sa pagpapasikat ng kaniyang liwanag, at pagpapanatili nitong maayos at nagniningas. "Maayos at nagniningas!" Ano ang ibig sabihin nito? Nangangahulugan ito na bigyan natin ng mahigpit na pansin ang mga salita ng buhay upang marating natin ang tumpak na kaalaman ng katotohanan, at dapat nating putulin o gupitin nang maingat ang bawat bakas ng maling paniniwala sa lalong madaling panahon sa oras na mahahalata natin ito - ito man ay maling doktrina o mali sa araw-araw nating pananalita - upang and dalisay na liwanag ng banal na katotohanan ay sisikat na many kaunti lamang o walang hadlang sa pamamagitan ng kasangkapan ng maliwanag at malinaw na katangian. Z. '03-358.

**Septiyembre 10**

Anomang salitang walang kabuluhan ay huwag lumabas sa inyong bibig, kundi ang mabuting ikatitibay ayon sa pangangailangan, upang makinabang ng biyaya ang mga nagsisipakinig nito. Efeso 4:29.

ANG masamang panlasa ay binabakuran ng konsensiya, at sinasabi nito na laging tama ang magsalita ng totoo, kaya hindi maaaring sabihin ng Dios na ang pagsasabi ng totoo ay isang paninirang puri; at ang kinokondena lamang daw ng Dios bilang paninirang puri ay ang pagbabalita ng hindi maganda pero hindi naman totoong nangyari. Ito lang daw ang gawa ng laman at diablo. Ang mga argumentong ito ay parehong malaking kamalian, dahil ang paninirang puri ay paninirang puri, ito man ay totoo o kasinungalingan, at ito ay itinuturing na masama, hindi lamang sa batas ng Dios, kundi pati na sa batas ng sibilisadong tao. Ang paninirang puri ay ang anomang bagay na sinasabi na may intension upang hamakin ang iba, ito man ay totoo o kasinungalingan, at ang mga batas ng tao ay sumasang ayon sa batas ng Dios, na ang gayong pagpapahamak sa iba ay mali. (Komento: Kung gayon, masama pala talaga ang itsismis natin ang mga nangyari sa ibang

tao lalo na kung ito ay hindi maganda kahit totoo pang may nangyaring ganuon. Dapat lagi nakasara ang ating bibig.) Z. '99-70

**Septiyembre 11**

Sinomang hindi nagdadala ng kaniyang sariling Krus, at hindi sumusunod sa akin, ay hindi maaaring maging alagad ko. Lucas 14:27.

ANG pagpasan ng Panginoon ng Krus ay naglalakip ng paggawa ng kalooban ng Ama ilalim sa hindi kaaya-ayang kalagayan. Ang landas na ito ay naghahatid sa kaniya ng inggit, poot, masasamang hangarin, alitan, pag-uusig at iba pa mula sa mga taong iniisip ang kanilang sarili bilang mga lingkod ng Dios, subalit ipinapahayag ng ating Panginoon na ang ama nila ay ang Diablo dahil nabasa niya ang kanilang puso. Yamang tayo ay lumalakad sa parehong "makipot na daan" na nilakaran ng ating Maestro, makatuwiran lamang na asahan natin na ang ating mga Krus ay pareho ng uri ng kaniyang krus - mga pagsalangsang sa pagggawa natin ng kalooban ng ating Ama sa langit - mga pagsalangsang sa ating paglilingkod sa kaniyang gawain gaya ng iniutos ng ating Maestro at pinuno. Z. '03-345

**Septiyembre 12**

Sa inyong pagtitiis ay maipagwawagi ninyo ang inyong mga kaluluwa. Lucas 21:19.

"AT inyong pabayaan na ang pagtitiis ay magkaroon ng sakdal na gawa, upang kayo'y maging sakdal at ganap, na walang anomang kakulangan" (Santiago 1:4) ayon sa pagpapaliwanang ng Apostol. Napakaliwanag, kung ganuon, na ang pagtitiis ay naglalakip ng ibang magagandang katangian - nagpapahiwatig na ang mga ito ay nagtataglay nito sa kaya nilang abutin. Sa gitna ng mga lingkod ng Panginoon ang pagtitiis ay kasunod ng pananampalataya, at ang lawak at lalim ng pagtitiis ay lubhang sumusukat sa laki ng pananampalataya. Ang Cristiano na balisa at hindi mapalagay ay kulang ang pananampalataya sa Panginoon; dahil kung sapat lang sana maaari siyang magpahinga sa mga mapagpalang pangako ng Panginoon at maghintay sa mga katuparan nito. Pagkatapos gumamit ng katamtamang sipag at lakas dapat siyang maging kontento na iwanan ang mga resulta at mga panahon at kapanahunan sa Panginoon. Z. '03-361

**Septiyembre 13**

Masdan ninyo, na pagkabuti at pagkalligaya sa mga magkakapatid na magsitahang magkakasama sa pagkakaisa! Awit 133:1.

GAYA ng ating Panginoon, pagsikapan nating maging mga tagapagpayapa, at tatahang magkakasama ng lahat ng kapatiran sa pagkakaisa ng Espiritu, sa bigkis ng pag-ibig. Hayaan ang ating mga gawain, ating mga pakikipaglaban, at iba pa ay guguiln laban sa dakilang kaaway at lahat ng gawain ng kasalanan, --kalakip na ang nasa ating mga sangkap, ang ating makasalanang laman. Tayo at ang lahat ng kapatiran ay makasusumpong ng sapat na pagkasangkot sa bawat elemento ng pakikipaglaban sa ating likas na pagkatao sa mga paraang nakakapag-pasaya sa Panginoon, at ang pag gamit ng bawat maibigin at nakatutulong na mga kahusayan na ating taglay, sa pagpapatibayan ng bawat isa, at samantalang tayo'y may pagkakataon sa pag gawa ng mabuti sa lahat ng tao, at lalong lalo na sa mga kasambahay sa pananampalataya. Z. '03-363

**Septiyembre 14**

Na kayo'y mangagkaroon ng timtimang ugali sa gitna ng mga Gentil; upang, sa mga bagay na ipinagsasalita nila laban sa inyong tulad sa nagsisigawa ng masama, dahil sa inyong mabubuting gawa na kanilang nakikita, ay purihin nila ang Dios sa araw ng pagdalaw. Sapagkat ito'y kalugodlugod, kung dahil sa budhing ukol sa Dios ay magtiis ang sinoman ng mga kalumbayan, na magbata ng di matuwid. 1 Pedro 2:12.

TAYO marahil ay ipinamamalita bilang masasama o sinisiraang-puri subalit ang lahat na nakakakilala sa atin, gaya ng mga nakakasalamuha natin, ay makakatagpo sa atin mula sa kanilang nararanasan, ng ating katapatan at prinsipyo, ng ating pagsiskikap na ang mga salita ng ating bibig gayundin ang mga pagbubulay-bulay ng ating mga puso at mga pagkilos sa buhay ay magpapalugod sa Panginoon at isang karangalan sa kaniyang pangalan at gawain, upang ang Dios ay maluwalhati sa pamamagitan ni Cristo, ang may-ari ng kaharian magpakailanman. Z. '03-365.

**Septiyembre 15**

Kaya nga, magsialis kayo sa kanila, at magsihiwalay kayo, sabi ng Panginoon, at huwag kayong magsihipo ng mga bagay na marumi, at kayo'y aking tatanggapin 2 Corinto 6:17.

YAONG matapat na namumuhay na hiwalay sa sanglibutan may kinalaman sa espirituwal na mga bagay, at kumikilala lamang sa mga kapatirang nagpapahayag sa pagka-tinuli sa puso at pagka-inampon sa pamilya ng Dios, ay makasusumpong sa kanilang mga sarili na sinasalungat ang mga moralista, liberelista at matataas na mga kritiko, ganun din sinasalungat nila ang karaniwang mga tao na nasusuklam sa liwanag, sapagkat sinusumpa nito and kadiliman - sa dokrina at iba pa. Gayunpaman, ito lamang ang mabuti at ligtas na landas na lakaran. Mas higit ang ikinabubuti nito, na ang tunay na mga Israelita lamang ang kailangang kilalanin bilang kapatiran nang sa ganun ang tunay na trigo ay maihiwalay mula sa mga damo. Z. '99-203

**Septiyembre 16**

Ang Panginoon ay magbibigay ng kalakasan sa kaniyang bayan; pagpapalain ng Panginoon ang kaniyang bayan ng kapayapaan. Awit 29:11.

KUNG ikaw ay may mga pagsubok at tukso na kaya mong madaig, at nakakatulong ang mga ito na maisagawa mo ang katangian ng pagka-matiisin, karanasan, pangkapatirang kabaitan, simpatiya at pag-ibig,...magalak ka at mag-lay ng panalangin ng pasasalamat at pagkilala sa banal na awa at tulong. Kung ang iyong mga pagsubok ay wari bagang mas mabigat kaysa iyong makakaya, at maaaring igugupo ka nito, dalhin mo ito sa dakilang tagapasan, at hingin ang kaniyang tulong sa pagpasan sa anomang bagay na makabubuti sa iyo, at kumawala ka mula sa mga hindi makabubuti sa iyo, kundi ay magpapahamak sa iyo. Z. '96-163

**Septiyembre 17**

Si Cristo na nasa inyo, na pag-asa ninyo sa kaluwalthatian. Colosas 1:27.

ANG bawat tunay na anak ng Dios ay dapat magkaroon ng tiyak na Cristianong katangian na hindi nakasandig ang kaniyang pag-iral sa espirituwal na buhay ng sinomang ibang Cristiano. Siya na na-iproklama at ginawang parisan ang ibang Cristiano ay kailangang humugot ng ganung mga prinsipyo ng buhay at iba pa mula sa salita ng katotohanan, na nagbibigay sa kaniya ng matatag

nang katangian, isang espirituwal na kasarinlan sa kaniyang sarili. Kailangang napaka positibo at tiyak ang espirituwal na kasarinlan ng bawat isa na kung tumalikod man sa paniniwala at paglilingkod sa Dios ;ang kapatid na lalake o babae na ang espirituwal na mga buhay ay unang nag-akay sa atin at nagdala sa atin pasulong sa pagka-kompleto sa katangian, (na ipinakikita ng Apostol na hindi imposibleng mangyari - Heb. 6:4; Gal. 1:8), tayo ay mananatili pa rin, kayang iakma sa ating sarili ang espiritu ng katotohanan. Z. '03-375

**Septiyember 18**

At kaniyang sinabi, ako'y sasa iyo, at ikaw ay aking bibigyan ng kapanahingahan. Exodo 33:14

ANG Panginoon ay laging kasama ng kaniyang mga tao. Lagi niya tayong iniisip, tinitingnan ang para sa ating kapakanan, binabantayan tayo sa mga panganib, naglalaan sa atin ng materyal at espirituwal na mga bagay, binabasa ang ating mga puso, tinatandaan at pinapansin ang bawat udyok ng maibiging debosyon sa kaniya, hinuhubog ang mga impluwensiya sa ating kapaligiran para sa ating disiplina at ika-kikinis, at nakikinig kahit sa pinakamahina nating pagtawag upang humingi ng tuong o simpatiya o pakikiisa sa kaniya. Hinding-hindi siya umaalis sa tabi natin kahit isang minuto, kahit anong oras tayo tumatawag sa kaniya, ito man ay sa okupadong oras sa tanghali, o sa tahimik na mga panahon sa madaling araw. O, kay kaging pagpapala na ating nalalaman ang ganuong katapatan niya sa atin! At walang isang anak ng Dios ang pinagkakaitan ng katunayan na ito ng pagkaampon sa kaniya ng Dios. Z. '03-376

**Septiyembre 19**

Pakabanalin mo sila sa katotohanan: ang salita mo'y katotohanan. Juan 17:17.

LAGING iniuugnay ng ating Panginoon ang pagsulong at pag-unlad ng ating espirituwal na buhay sa pagtanggap at pagsunod sa katotohanan, at ang bawat anak ng Dios ay kailangang mag-ingat sa katuruan ng ibang mga tao na nagsasabi na sila ay mas marunong pa kaysa Bibila, at na si Cristo o ang Espiritu Santo ay nagsasalita sa ganuong marurunong na mga Cristiano bagama’t hiwalay ito sa salita (Biblia). Nililinang ito sa kaniyang sarili ang espirituwal na kapalaluan at pagka-mayabang, at ginagawang walang kapangyarihan ang mga babala at pangangatuwiran ng banal na kasulatan sapagkat ang mga taong ito na naliligaw ay nag-iisp na sila ay may mas mataas na guro

na nananahan sa loob nila. At si Satanas na sumasakay sa kanilang pagka-ligaw ay umaakay sa kanila at hinahawakan sila ng kaniyang nais. Z. '03-337

**Septiyembre 20**

Sapagkat ganito ang sabi ng mataas at matayog na tumatahan sa walang hanggan, na ang pangalan ay Banal; Ako'y tumatahan sa mataas at banal na dako, upang bumuhay ng loob ng nagpapakumbaba, at upang bumuhay ng puso ng nagsisisi. Isaias 57:15.

LAGI nating ingatan sa ating alaala na ang durog at nagsisising puso ay hinding-hindi kinasusuklaman ng Panginoon at hinding-hindi itataboy. Kung gayon, sa anomang kahirapan na ang sinomang lingkod ng Panginoon ay matisod kung masusumpungan nila ang kanilang sarili na nagugutom sa pakikiisa at kapatawaran ng Panginoon, kung nasusumpungan nila na ang kanilang mga puso ay nagsisisi at nadurog, huwag silang mawalan ng pag-asa, kundi alalahanin nila na ang Dios ay gumawa ng paglalaan sa pamamagitan ng bisa ni Cristo na nagpapangyari sa kaniya na tanggapin at pawalang sala mula sa lahat ng kasalanan ang lahat na lumalapit sa kaniya sa pamamagitan ni Jesus - sa pamamagitan ng pagtitiwala sa kaniyang dugo...yaong may mga durog at nagsisising mga puso may kaugnayan sa kanilang mga kasalanan at nakababatid na hindi sila nakagawa ng matinding "kasalanan na maghahatid sa kamatayan", dahil pinatutunayan ito ng kalagayan ng kanilang puso, gaya ng ipinahayag ng Apostol: "Hindi na maaaring baguhin muli sa pagsisisi" ang sinomang nakagawa ng kasalanan na naghahatid sa kamatayan. Z. '03-383

**Septiyembre 21**

Oo, bagaman ako'y lumalakad sa libis ng lilim ng kamatayan, wala akong katatakutang kasamaan. Awit 23:4.

ANG tupa ng munting kawan ay walang kinatatakutang masama dahil sa pabor ng Dios, sapagkat siya ang sumasa-kanila, nasa kanilang tabi at nagpakita ng kaniyang pabor sa halaga ng katubusan na naibayad na. Sumasa-kanila din siya, sa kaniyang salita ng pangako - ang pagbibigay niya ng katiyakan sa kanila na ang kamatayan ay hindi nangangahulugan ng pagka-lipol ng buhay, kundi hanggang sa panahon lamang ng pagkabuhay-muli, isang mahimbing na pagkakatulog kay Jesus. Nakamamangha na ang mga ito ay makalalakad sa pampang ng anino ng kamatayan habang

umaawit at gumagawa ng magandang tunog sa kanilang mga puso sa Panginoon, nananahan sa kanilang mga kaluluwa sa lahat ng mga bagay na nasa loob nila upang purihin at dakilain at itaas ang kaniyang dakila at banal na pangalan, na siyang umibig sa atin at bumili sa atin ng kaniyang mahal na dugo at tumawag sa atin upang maging kasamang mga tagapagmana ng ating mahal na manunubos. Z. '03-413

**Septiyembre 22**

Tunay na ang kabutihan at kaawaan ay sususnod sa akin sa lahat ng mga kaarawan ng aking buhay: at ako'y tatahan sa bahay ng Panginoon magpakailan man. Awit 23:6.

ANG kabutihan at awa na inaasahan natin sa likod ng tabing ay nagsisimula na ngayon at ito ay dapat pahalagahan. Ang sinomang walang alam sa mga kagalakan ng Panginoon sa kasalukuyang panahon ay maliwanang na hindi siya magiging handa sa kagalakan ng Panignoon sa kaharian, anoman ang mga pagpapala at kagalakan na kaniyang makamtan sa ilalim ng pamamahala ng kaharian sa panahon ng milenyo. Mayroon kung ganuong isang kagalakan at kasayahan na ipinagkakaloob sa mga matapat sa Panginoon at ito ay hindi panandaliang bagay lamang na kaugnay sa una nilang pagtanggap sa Panginoon at sa pag-alay nila ng kanilang mga sarili sa kaniya. Ang kabutihan at awa ng Panginoon ay hindi iisiping bagay na matagal nang lumipas, kundi, dapat itong kilalanin at pahalagahan bilang isang bagay sa kasalukuyan. Sa bawat araw ang kabutihan at awa ng Dios ay sumusunod sa atin, nagpapanariwa sa atin, nagpapatibay sa atin at nagpapaalala sa atin. Z. '03-413

**Septiyembre 23**

Makipaglaban kayong masikap dahil sa pananampalataya na ibinigay na minsan at magpakailanman sa mga banal. Judas 3.

ANG mabuti nating pakikipaglaban sa pananampalataya ay naglalakip ng malawak-lawak na pagdi-depensa sa salita ng Dios, at naglalakip din ito sa pagdi-depensa natin sa katanginan ng Dios. Mangangahulugan ito ng pagka-handang tumayo para sa katotohanan anomang kapalit at laban sa maraming bilang ng mga pananalakay - laban sa mga doktrina at haka-haka ng tao, na siyang magpapa-mali sa mabuting balita ng mabuting kagalakan na ipinahayag ng Panginoon at ng mga

Apostoles. Salamat sa Dios, ang mabuting balitang ito ay para sa lahat ng tao. Gaya ng sinasabi ulit ng Apostol, "nakahanda akong ipaglaban ang katotohanan". Wala tayong ibang magagawa kundi ipagtanggol ang katotohanan. Ang katotohanan ay isang kinatawan ng Dios, kinatawan ni Cristo, at sa ganuon, ito ang ating pamantayan, kahit sa kamatayan. Z. '03-423

**Septiyembre 24**

Nguni't hinahampas ko ang aking katawan, at aking sinusupil; baka ako rin ay itakwil. 1 Corinto 9:27.

MAY mga kaugalian o hilig ang katawan, ang laman, na bumangon mula sa kalagayan nitong parang patay. Kaya ang bagong uri (bagong pagkatao) ay kinakailangang laging gising para panatalihin ang pag-akay nito, para makibaka ng mabuting pakikibaka sa pananampalataya at upang makamtan ang gantimpala bilang mga nagtatagumpay. Ang mga pakikibakang ito ng bagong isip laban sa laman ay mabuting labanan dahil sa puntong sila ay nakikibaka laban sa mga kasalanan at kahinaan na tinataglay ng makasalanang uri. Ang mga ito ay pakikibaka ng pananampalataya dahil sa puntong ang buong hakbang ng bagong nilikha ay hakbangin ng pananampalataya, gaya ng sinasabi ng Apostol, "kami ay lumalakad sa pananampalataya at hindi sa nakikita",...ito ay pakikibaka ng pananampalataya dahil sa puntong walang makatatagal sa labanang ito laban sa kaniyang sariling laman at mga likas na hilig nito at mga pagnanasa, maliban kung maisagawa niya ang pananampalataya sa mga pangako at sa Panginoon bilang kaniyang katulong. Z. '03-425

**Septiyembre 25**

Na sa atin ay ginawang karunungang mula sa Dios, at katuwiran at kabanalan, at katubusan. 1 Corinto 1:30.

SIYA na tumubos sa atin, bumili sa atin sa pamamagitan ng pagsa-sakripisyo ng kaniyang sariling buhay, siya bilang ating propeta at guro ay nagbibigay sa atin ng karunungan sa pamamagitan ng kaniyang ebanghelyo, upang makita ang makasalanan nating kalagayan at siya bilang katulong natin; bilang ating saserdote, pinawalang sala niya muna tayo at pagkatapos pinababanal o itinalaga tayo bilang mga sakop na saserdote; at sa wakas, bilang hari, lubusan niyang palalayain

ang mga tapat mula sa paghahari ng kasalanan at kamatayan tungo sa kaluwalhatian, karangalan, at kawalang-kamatayan ng uring-Dios; sapagkat "ibabangon (mula sa kamatayan) din tayo ng Dios sa pamamagitan ni Jesus".
"Aleluya! Kay dakilang tagapagligtas!" Tunay na magagawa niya at handa siyang magligtas nang lubus-lubusan sa lahat na lumalapit sa Dios sa pamamagitan niya. Z. '03-440

**Septiyembre 26**
Si Cristo Jesus din ang pangulong bato sa panulok; na sa kaniya'y ang buong gusali, na nakalapat na eksangtong-eksakto, ay sama-samang lumalago upang maging isang templong banal sa Panginoon; Nasa kaniya'y itinayo naman kayo upang maging tahanan ng Dios sa espiritu. Efeso 2:20-22.

HABANG ang mga araw ay isa-isang lumilipas, tandaan natin ang tatlo nating kaugnayan sa templong ito: (1) Tayo ay nasa proseso pa ng paghahanda bilang mga buhay na bato, (2) Bilang mga kasapi ng maharlikang pagka-saserdote na nagbubuhat ng kahon (Arka), tayo ay nagmamartsa mula sa Tabernakulo tungo sa templong kalagayan; ang ilan sa ating mga kasapi ay nakapasok na at iba naman ay papasok pa lamang, (3) bilang mga lingkod ng Panginoon dumating na ang oras upang matutunan natin ang pag-awit na may espiritu at pagka-unawa, sa bagong awit ng banal na awa, katarungan, pag-ibig at katotohanan. Tayo ay maging tapat sa bawat isa nito, tumutupad sa ating bahagi, at hindi magtatagal ang ating landasin ay matatapos at ang templo ay mapupuno ng kaluwalhatian ng Panginoon. Z. '03443

**Septiyembre 27**
Huwag mong tutuksuhin ang Panginoon mong Dios. Mateo 4:7.

ANG mga pagsubok ay patuloy na umaatake sa mga lingkod ng Panginoon - mga mungkahi upang gumawa ng mga kamangha-manghang gawain (mga milagro) sa kaniyang pangalan, at ng sa ganuon mapapatunayan nila sa kanilang mga sarili at sa iba na sila ay mga paborito ng langit. Ang aral na matutunan natin ay ito: ang gawain na ibinigay sa atin ng Ama para gawin ay hindi gawain ng panghihikayat sa mundo o ipakita sa kanila na ang kaniyang pabor ay nasa atin at ng ating kadakilaan sa kaniya, kundi sa halip, tayo ay kailangang tatahimik at mapagpakumbabang

magpasikat ng ating liwanag, subalit, mabisa, hanggang ipahintulot ng katuwiran at pagiging angkop at ipakita natin ang kapurihan niya na tumawag sa atin mula sa kadiliman tungo sa kamangha-mangha niyang liwanang, at mula sa paghahangad na maging mahusay na manggagawa tungo sa angkop na posisyon bilang mga alipin, mga ministro ng katotohanan. Z. '04-9

**Septiyembre 28**

Ang inyong kalaban na diablo, na gaya ng Leong umuungal, ay gumagala na humahanap ng masisila niya, na siya'y labanan ninyong matatag sa inyong pananampalataya. 1 Pedro 5:8, 9.

ANG kaisipang ito ng pananalansang ni Satanas sa atin; at na tayo ay nakikipaglaban hindi lamang sa laman at dugo, kundi sa mga pamunuan, at mga kapangyarihan, at mga espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan, ay makapanlulumo sa atin kung hindi sana natin napagtanto na sa pagkakaroon ng positibong desisyon nakakakuha tayo ng malalaking tulong at pag-alalay mula sa ibang hindi nakikitang kapangyarihan. Mula sa sandaling positibo nating pagtutol sa tukso at positibong pagtindig para sa Panginoon at sa kaniyang landasin, tayo ay nagiging mas matibay sa Panginoon at sa kapangyarihan ng kaniyang lakas, at mas dakila siya na kakampi natin kumpara sa lahat na laban sa atin. Z. '04-11

Ang pagdadalawang-isip o di-alam ang gagawin matapos makita ang mali ay nagpapalakas ng kapangyarihan ng tukso. Z. '03-32

**Septiyembre 29**

Bawat palalo sa puso ay kasuklamsuklam sa Panginoon. Kawikaan 16:5.

ANG isa sa mga matinding pagsubok ng bagong nilikha ay ang pagsupil sa pag-ibig sa espiritu ng kamunduhan sa pangunguna ng kapalaluan. Ang makasanlibutang kapalaluan ay humahamon sa pananampalataya sa Dios at sa pagsunod sa kaniya, at yaon lamang may mabuting tapang at puno nang tiwala sa Panginoon ang makatatalo sa higanteng ito. Kinakailangan din na ang tagumpay ay gawing kompleto - na ang kapalaluan ay ibaba nang buo, patayin upang hindi na ito makakabangon pang muli upang puksain tayo. Ito ay laban ng bawat isa, at ang akmang sandata lamang laban sa higanteng ito ay isang bato mula sa sapa, ang mensahe ng Panginoon, na nagpapakita sa atin kung ano ang nakalulugod at katanggap-tanggap sa kaniyang paningin at tiniyak sa atin na siya na

nagpapakumbaba ng kaniyang sarili ay tiyak na itataas at siya na itinataas ang kaniyang sarili ay ibababa. Gaya ng sinabi ng isang makata: "Sa pagwawakas ng pagyayabang, ang tunay na dignidad ay nasisimulan." Z.'03-329

**Septiymbre 30**

Sapagkat ang pag-ibig ni Cristo ay pumipilit sa amin. 2 Corinto 5:14.

MUKHANG mahirap ilarawan ang mismong pag-ibig; ang pinakamahusay na magagawa natin ay ilarawan ang ugali nito. Yaong mga nagtataglay ng pag-ibig na ganuon ang katangian ay nagpapahalaga nito, subalit sa kabilang banda, hindi nila ito maipaliwanag - ito ay sa Dios, katulad-sa-Dios na puso, sa dila, sa mga kamay, sa mga pag-iisip - pinangangasiwaan ang lahat ng mga tao at buong sikap itong sinusupil. Bilang mga disipulo at tinuruan ni Cristo, nasa paaralan niya tayo, at ang dakilang aral na itinuturo niya sa atin araw-araw, at ang aral na dapat nating matutunan nang buo kung nais nating maabot ang gantimpala ng mataas na pagtawag sa atin sa lahat ng mga itinatampok at mga bahagi nito, ay ang aral ng pag-ibig. Nangungunyapit ito at umuugnay sa lahat ng mga salita, pag-iisip at ginagawa ng araw-araw nating buhay; gaya ng sinasabi ng isang makata: "Gaya ng bawat kaibig-ibig na kulay ay magaang tingnan, ang bawat magandang kalooban din ay pag-ibig." Z. '03-55, 58